

LIGAL NA TULONG SA SAKUNA: PAGPAPALIT NG DOKUMENTO

MGA MAHALAGANG REKORD

Pinangangasiwaan ng Departamento ng Kalusugan ng Estado, Opisina ng Pagsubaybay sa Kalagayan ng Kalusugan ang mga mahalagang rekord para sa **mga kaganapang naganap sa Hawai'i**. Kabilang sa mga mahalagang rekord ang mga sertipiko ng kapanganakan, kamatayan, kasal, at diborsiyo. Pwede kayong mag-aplay para sa mga sertipikadong kopya ng mga mahalagang rekord online, nang personal o sa pamamagitan ng koreo.

Magagamit ang mga aplikasyon para i-download sa website ng Departamento ng Kalusugan ng Estado:

<https://health.hawaii.gov/vitalrecords/> o maaaring kunin sa ang Gusali ng Departamento ng Kalusugan, 1250 Punchbowl Street, Room 103 (Bukas ng Lunes, Miyerkules, Biyernes 7:45 a.m. hanggang 2:30 p.m.).

Ibibigay lamang ang isang sertipikadong kopya ng mahalagang rekord sa aplikanteng may direkta at nakikitang interes sa rekord. Espesipiko sa: ang taong may rekord nito; asawa ng tao, (mga) magulang, (mga) anak, (mga) apo, kapatid, lolo, lola, tiyahin/tiyohin o pinsan; ligal na tagapag-alaga ng tao; isang tao o ahensya na kumikilos sa ngalan ng taong may rekord nito; isang personal na kinatawan ng ari-arian; isang taong may utos ng hukuman para makakuha ng rekord; umaampon na mga magulang na nangangailangan ng mga rekord para makumpleto ang pag-ampon; isang taong nangangailangan para matukoy ang kalagayan ng kasal ng isang dating asawa para sa pagbabayad ng sustento; isang taong kailangang tukuyin ang pagkamatay ng isang hindi nauugnay na kapwa may-ari ng ari-arian na binili sa ilalim ng isang pinagsamang kasunduan sa pangungupahan; at isang taong nangangailangan ng sertipiko ng kamatayan para sa pagpapasiya ng mga pagbabayad sa ilalim ng plisa sa seguro sa kredito.

Online: Pwedeng isumite ang mga aplikasyon online sa: <https://vitrec.ehawaii.gov/vitalrecords/>.

Para sa mga online na aplikasyon, dapat mayroon kayong nakahandang pagkakakilanlan na ibinigay ng pamahalaan para sa pag-upload. Tanging mga pagbabayad sa pamamagitan ng debit o credit card ang tatanggapin at dapat tumutugma ang pangalan sa debit o credit card sa pangalan ng taong humiling sa mga mahalagang rekord, pwedeng magkaroon ng mga pagkaantala kung hindi.

Sa Pamamagitan ng Koreo: Pwede ding isumite ang mga aplikasyon sa pamamagitan ng koreo na may naaangkop na mga bayarin at isang kopya ng pagkakakilanlan na ibinigay ng gobyerno ng aplikante sa:

Departamento ng Kalusugan ng Estado
Opisina ng Pagsubaybay sa Kalagayan ng Kalusugan
Seksyon ng Pagi-isyu/Mahalagang Estadistika
P.O. Box 3378
Honolulu, Hawai'i 96801

Nang Personal: Kung nasa Oahu, pwede kayong mag-aplay nang personal sa Gusali ng Departamento ng Kalusugan, 1250 Punchbowl Street, Room 103 (Bukas ng Lunes, Miyerkules, Biyernes 7:45 a.m. hanggang 2:30 p.m.). Pwedeng iskedyul ang mga itinakdang pagpunta online at hinihikayat, gayunpaman, pwedeng magamit ang walk-in na serbisyo sa pagitan ng mga itinakdang pagpunta.

Mga Bayarin: \$10 ang mga bayarin para sa mga sertipikadong kopya ng mga rekord ng kapanganakan, kasal at unyon sibil para sa unang kopya, \$4 para sa bawat karagdagang kopya at \$2.50 na pangkalahatang bayad sa administrasyon para sa bawat aplikasyon hanggang sa 5 na mga sertipiko. \$10 ang mga bayarin para sa mga sertipikadong kopya ng mga sertipiko ng kamatayan para sa unang kopya ng bawat sertipiko at \$4 para sa bawat karagdagang kopya. May karagdagang \$2.50 na bayad para sa mga online na order hanggang sa 5 na mga sertipiko.

Pwede kayong magbayad gamit ang credit card o debit card ninyo para sa mga online na order. Para sa mga order na nakumpleto sa pamamagitan ng koreo, pwede kayong magbayad gamit ang tseke ng kahera, sertipikadong tseke o money order na babayaran sa Departamento ng Kalusugan ng Estado. **Hindi tatanggapin ang mga cash at personal na tseke para sa mga order sa koreo.** Para sa mga order na nakumpleto nang personal, pwede kayong magbayad maaari gamit ang hawak na pera, credit card, tseke ng kahera, sertipikadong tseke o money order na babayaran sa Departamento ng Kalusugan ng Estado.

MGA RECORD NG KORTE (Mga Dekreto sa Diborsiyo, Mga Hatol at Utos ng Hukuman)

Para sa mga kopya (sertipikado at hindi sertipikado) ng mga dekreto sa diborsiyo, Paghatol o iba pang mga utos ng hukuman na ipinasok sa Korte ng Hawaii, pakikontak sa Klerk ng Ligal na mga Dokumentong Korteng Pansirkito sa isla ninyo. Ang mga sumusunod ang mga address at numero ng telepono ng klerk:

OAHU (Ika-1 na Sirkito)

Klerk ng Mga Ligal na Dokumentong Korteng Pansirkito ng Unang Korte
Ka'ahumanu Hale
777 Punchbowl Street
Honolulu, HI 96813
Telepono: 539-4300

Klerk ng Mga Ligal na Dokumentong Korte ng Pamilya – Kompleksong Hudikatura ng Kapolei
4675 Kapolei Parkway
Kapolei, HI 96707
Telepono: (808) 954-8310

MAUI (Ika-2 na Sirkito)

Klerk ng Mga Ligal na Dokumentong Korteng Pansirkito ng Pangalawang Sirkito
Hoapili Hale
2145 Main Street, Suite 106
Wailuku, HI 96793
Telepono: (808) 244-2969

MALAKING ISLA (Ika-3 na Sirkito)

Klerk ng Mga Ligal na Dokumentong Korteng Pansirkito ng Pangatlong Sirkito
Hale Kaulike
777 Kilauea Avenue
Hilo, HI 96720
Telepono: (808) 961-7400

Klerk ng Mga Ligal na Dokumentong Korteng Pansirkito ng Pangatlong Sirkito
Bahay-hukuman ng Keahuolu
74-5451 Kamaka'eha Avenue
Kailua-Kona, HI 96740
Telepono: (808) 322-8750

KAUAI (Ika-5 na Sirkito)

Klerk ng Mga Ligal na Dokumentong Korteng Pansirkito ng Panglimang Sirkito
Gusali ng Pu'uhonua Kaulike
3970 Ka'ana Street
Lihue, HI 96766
Telepono: (808) 482-2330

CARD NG PAGKAKAKILANLAN NG ESTADO, MGA LISENSYA NG MGA DRAYBER AT REHISTRO NG SAKSAKYAN

Lungsod at Lalawigan ng Honolulu

Pangkalahatang Impormasyon: <https://www8.honolulu.gov/csd/vehicle/> at <https://www8.honolulu.gov/csd/state-id/>.
(808) 768-9100 (mga katanungan sa paglilisensya ng drayber); (808) 768-4325 (mga katanungan sa pagpaparehistro ng sasakyang de-motor)

ID ng Estado ng Hawaii: Karapat-dapat lang kayo na makakuha ng duplikado ng ID ng Estado ng Hawaii sa pamamagitan ng koreo kung natutugunan ninyo ang lahat ng sumusunod na kundisyon:

- Balido ang ID card ninyo at dapat na inisyu ng Lungsod at Lalawigan ng Honolulu;
- Hindi nagbago ang pangalan, petsa ng kapanganakan o numero ng seguridad panlipunan (social security) ninyo;
- Hindi temporaryo ang ligal na katayuan ninyo sa Estados Unidos.

Online (Lisensya ng Drayber): <https://www1.honolulu.gov/duplicates/>

Sa pamamagitan ng Koreo (Lisensya ng Drayber at ID ng Estado ng Hawaii): Magpadala ng sulat na humihiling ng duplikado ng Lisensya ng Drayber ng Hawaii o ID ng Estado ng Hawaii. Ibilang ang pangalan, Numero ng Seguridad Panlipunan (huling 4 na numero) o Numero ng Lisensya ng Drayber ng Hawaii o numero ng ID card ng Estado ng Hawaii, petsa ng kapanganakan, email adres, dahilan para sa kahilingan, lagda (dapat tumugma sa lagda sa file) at ang bayad na \$6.00 (sertipikadong tseke o money order na babayaran sa Lungsod at Lalawigan ng Honolulu) ninyo.

Kahilingan sa koreo sa: Seksyon ng Lisensya Drayber, P.O. Box 30340, Honolulu, HI 96820-0340.

Pwede rin ninyong i-email ang nilagdaan at napetsahang sulat ninyo sa dl@honolulu.gov o i-fax ito sa (808) 768- 9096.

Kung isusumite ninyo ang kahilingan ninyo sa pamamagitan ng email o fax kailangan ninyong magtalaga ng isang tao na magbayad sa opisina ng Kapalama.

Ikokoreo lamang ang papel na kopya sa adres ng Hawaii.

Sa pamamagitan ng Koreo (Rehistro): Kumpletuhin ang Aplikasyon sa Duplikadong pormularyo ng Sertipiko ng Rehistro ng Sasakyang De-motor (<https://www.honolulu.gov/rep/site/csd/onlineforms/csImvr5.pdf>< 3}) at ikoreo sa: Departamento ng Mga Serbisyo sa Customer ng Sasakyang De-motor, Dibisyon ng Paglilisensya at Mga Permit, P.O. Box 30330, Honolulu, HI 96820.

Sa Personal (may balidong ID):

Kapalama: 925 Dillingham Blvd., #101, Honolulu, HI 96817. (808) 768-9100

Kapolei: 1000 Uluohia St., #101, Kapolei, HI 96707. (808) 768-3100

Koolau: 47-388 Hui Iwa St., Suite 19, Kaneohe, HI 96744. (808) 239-6301

Wahiawa: 330 N Cane St., DLC, Wahiawa, HI 96786. PH: (808) 768-4054

Waianae: 85-670 Farrington Hwy., #3, Waianae, HI 96792. (808) 768-4222 (nakasara 11:30-12:30)

Lalawigan Maui

Lisensya ng Drayber

Kung nanakaw, naputol, nawala lisensya ninyo o kung mayroon kayong anumang mga pagbabago na kasalukuyang nakalimbag sa lisensya ninyo, pwede kayong mag-aplay ng isang duplikado na lisensya sa anumang opisina ng paglilisensya ng drayber.

1. Kumpletuhin ang isang Aplikasyon sa Lisensya ng Drayber para sa duplikado na magagamit sa anumang Mga Opisina ng Sasakyang De-motor at Paglilisensya
2. Dapat magpakita ng wastong pagkakakilanlan sa panahon ng aplikasyon i.e.: Sertipiko ng Kapanganakan; Card ng Seguridad Panlipunan; ID Card ng Estado ng Hawaii; Card ng Medicare; ID ng Militar; Pasaporte; o mga dokumento ng Serbisyo sa Imigrasyon at Naturalisasyon. Hindi kami tumatanggap ng mga photocopy; dapat na orihinal o sertipikadong mga kopya ang lahat ng mga dokumento
3. Magsumite ng liham ng pagpapahintulot mula sa Kawanihan sa Mga Paglabag sa Trapiko kung may anumang hindi pa nababayarang sitasyon ang aplikante. Matatagpuan ang Kawanihan sa Mga Paglabag sa Trapiko sa 2145 Main Street sa Wailuku. Telepono: (808)-244-2800
4. Pagbabayad ng mga naaangkop na bayarin (lisensya/Id ng Estado \$12.00; CDL \$15.00).

Mga Opisina ng Sasakyang De-motor at Paglilisensya:

Kahului: 110 Alaihi Street, Suite 101, Kahului, HI 96732. (808) 270-7363
Kihei: 303 East Lipoa Street, Kihei, HI 96753
Lahaina: 335 Keawe Street, Suite 209, Lahaina, HI 96761
Pukalani: 91 Pukalani Street, Pukalani, HI 96768
Hana: Hana Hwy & Uakea Road, Hana, HI 96713
Lanai: 309 Seventh Street #101, Lanai City, HI 96763. (808) 565-7878
Molokai: 100 Ailoa Street, Kaunakakai, HI 96748. (808) 553-3430

ID Estado ng Hawaii

Pwede kayong mag-aplay para sa duplikado na ID card ng Estado sa alinmang Opisina ng Sasakyang De-motor at Palilisensya ng Lalawigan ng Maui.

Para makakuha ng duplikado na ID card ng Estado sa pamamagitan ng koreo, dapat magsumite kayo ng liham na humihiling ng duplikado na naglalaman ng sumusunod na impormasyon: buong pangalan ng aplikante, adres sa koreo, petsa ng kapanganakan, numero ng ID ng Estado ng Hawaii o numero ng seguridad panlipunan, at pirma ng aplikante. Pwedeng isumite ang liham sa pamamagitan ng koreo sa: Lalawigan ng Maui, Dibisyon ng Mga Sasakyang De-motor at Paglilisensya, 110 Alaihi Street, Suite 101, Kahului, HI 96732, o pwede ninyong i-email ang kahilingan sa dmv@mauicounty.gov o sa pamamagitan ng fax (808)270-7858. Sa sandaling natanggap ang liham na ito, mag-i-email o magkokoreo sila ng pakete sa inyo para kumpletuhin. Kailangang ipadala sa opisina ang mga orihinal na nakumpletong pakete at bayad para sa pagproseso.

Lalawigan Hawaii

Sa Personal (Lisensya ng Drayber or ID ng Estado ng Hawaii):

Maaari kang mag-aplay para sa isang duplikado na lisensya o ID ng Estado ng Hawaii kung babaguhin ninyo ang pangalan o adres ninyo; hindi ninyo hawak ang lisensya o ID ng Estado ng Hawaii ninyo (nawala/nanakaw) o nasira ang lisensya o ID card ng Estado ng Hawaii ninyo. Dapat kayong magpakita nang personal at ipakita ang lisensya o ID ng Estado ng Hawaii ninyo kung nawala o nasira ninyo ang card ninyo, dapat kayong magbigay ng 2 na makikilalang dokumento (i.e. card ng seguridad panlipunan at sertipiko ng kapanganakan). Kumpletuhin ang aplikasyon na humihiling ng isang duplikado para sa mga pagpapalit ng pangalan, magpakita ng mga tinatanggap na dokumento para sa pagpapalit ng pangalan (sertipikadong sertipiko ng kasal, sertipikadong dekreto ng diborsiyo, sertipikadong dokumento ng pagbabago ng pangalan); at magpakita ng dalawang (2) patunay ng adres ng pangunahing tirahan para sa mga pagbabago sa adres. Kung adres ng koreo ninyo ang kahong koreo ninyo, dapat rin kayong magbigay ng dokumento na nakalista ang pisikal na adres ninyo.

\$6 ang bayad para sa duplicado na lisensya o ID card ng Estado ng Hawaii. Dapat kayong mag-apply nang personal para gumawa ng materyal na pagbabago sa lisensya o ID card ng Estado ng Hawaii ninyo.

Sa pamamagitan ng Koreo (Lisensya ng Drayber ng ID ng Estado ng Hawaii):

Pwede kayong magkoreo ng isang kahilingan para sa isang duplikado na lisensya o ID ng Estado ng Hawaii na may bayad na \$6.00 (**money order o tseke ng kahera**) na dapat bayaran sa “Direktor ng Pananalapi ng Lalawigan”. Dapat kabilang sa kahilingan ninyo ang: ang pangalan ninyo tulad ng makikita sa kasalukuyang lisensya ng dryaber ninyo; numero ng seguridad panlipunan ninyo, numero ng linsensya ng drayber o numero ng ID ng Estado ng Hawaii; petsa ng kapanganakan ninyo; numero ng telepono at email adres; ang adres ninyo tulad ng makikita sa lisensya o ID ng Estado ng Hawaii ninyo (dapat ikoreo ang mga duplikado sa adres na nakarekord); ang lagda ninyo gaya ng makikita sa lisensya ninyo.

Pwedeng ikoreo ang kahilingan ninyo na may bayad sa:

Departamento ng Pananalapi

Pagpaparehistro at Paglilisensya ng Sasakyan

Seksyon ng Lisensya ng Drayber

349 Ka'ana Street
Hilo, HI 96720

Lalawigan ng Kauai

Kung nanakaw, naputol, nawala ang lisensya ninyo o kung mayroon kayong anumang mga pagbabago na kasalukuyang nakalimbag sa lisensya o ID ng Estado ng Hawaii ninyo, pwede kayong mag-aplay ng isang duplikado na lisensya sa anumang opisina ng paglilisensya ng drayber. Dapat magpakita ng wastong pagkakakilanlan sa panahon ng aplikasyon i.e.: Sertipiko ng Kapanganakan; Card ng Seguridad Panlipunan; ID Card ng Estado ng Hawaii; Card ng Medicare; ID ng Militar; Pasaporte; o mga dokumento ng Serbisyo sa Imigrasyon at Naturalisasyon. \$10.00 ang halaga ng isang duplikado na lisensya; \$7.00 ang ID ng Estado ng Hawaii. \$10.00 ang gastos para mag-apply para sa isang duplikado na pagpaparehistro.

Dibisyon ng Mga Sasakyang De-motor 4444 Rice Street, Suite A480, Lihue, HI 96766

PROPESYONAL AT BOKASYONAL NA MGA LISENSYA

Pwedeng makuha at mai-print online ang mga Pambulsang ID at duplikado na Sertipiko na Isinasabit Dingding sa pamamagitan ng MyPVL account ninyo sa: <https://pvl.ehawaii.gov/mypvl>. Mag-login sa umiiral na MyPVL account ninyo o mag-sign up para sa isang bagong MyPVL account.

Kagawaran ng Usapin ng Komersyo at Pangkonsumo – Propesyonal at Bokasyonal na Dibisyon ng Paglilisensya (808) 586-3000

MGA USAPIN NG BETERANO (VETERAN'S AFFAIRS, VA)

Pwede ninyong i-access ang mga rekord at dokumento ng VA ninyo online sa <https://www.va.gov/records/>. Para sa tulong tumawag sa hotline ng mga benepisyo ng VA: (800) 827-1000 ng MyVA411 pangunahing linya ng impormasyon: (800) 698-2411.

Sa Personal:

Sentro ng Medikal na Departamento ng Mga Usapin ng
Beterano ng Spark M
459 Patterson Road
Honolulu, HI 96819-1522
(808) 214-1306

Sentro ng Beterano ng Hilo
70 Lanihuli Street
Hilo, HI 96720
(808) 969-3833

Sentro ng Beterano ng Maui
157 Ma'a Street
Kahului, HI 96732
(808) 242-8557

Sentro ng Beterano ng Kauai
4485 Pahe'e Street
Lihue, HI 96765
(808) 246-1163

DOKUMENTO NG IMIGRASYON (Green card, mga papeles ng pagkamamamayan o mga I-94)

Para palitan ang **green card** - Pormularyo ng Aplikasyon I 90 kasama ang bayad sa aplikasyon ng USCIS.

Para palitan ang **mga sertipiko ng pagkamamamayan o naturalisasyon** - dalawang larawan ng istilo ng pasaporte at pormularyo ng aplikasyon na N565 kasama ang bayad sa aplikasyon ng USCIS.

Pwedeng mag-aplay ang mga indibidwal na may mababang kita para sa isang waiver ng bayad para sa mga pormularyo na ito.

Para sa higit pang impormasyon sa mga bayarin sa paghain ng USCIS, mga pormularyo, at mga kinakailangan sa paghain, pumunta sa www.USCIS.gov. Para makakuha ng impormasyon sa isang umiiral na pagreserba o para humiling ng isang pormularyo, pwede kayong tumawag sa linya ng serbisyo sa customer ng USCIS sa 1-800-375-5283.

Para sa mga migrante ng COFA at iba pang hindi imigrante, kadalasang makikita online ang pinakabagong **I-94** sa <https://i94.cbp.dhs.gov/I94/#/home>. Para hanapin ang pinakabagong I-94 ninyo, ilagay ang numero ng pasaporte na ginamit ninyo noong huling pagpasok ninyo sa Estados Unidos. Kung wala na sa inyo ang numero ng pasaporte na iyon, pwede ninyo itong hilingin sa konsulado ninyo.

Ipinagbabawal ng pederal na batas ang mga indibidwal na hindi mga abogado o akreditadong kinatawan ng EOIR na magbigay ng payo at tulong sa imigrasyon. Mangyaring kumunsulta sa isang kwalipikadong indibidwal kapag humihingi ng payo sa imigrasyon.

MGA KASULATAN (at iba pang nairekord instrumento)

Pwedeng mag-order ang sinuman ng isang sertipikadong kopya ng isang nairekord na dokumento. Para sa mga dokumentong nairekord bago ang 1992, pwedeng makuha ang mga ito nang personal o sa pamamagitan ng koreo.

Sa Personal: Para mag-order nang personal, pumunta sa Silid ng Pamublikong Sanggunian sa Opisina ng Kawanihan ng Paghahatid ng Estado ng Hawaii, Honolulu:

Kawanihan ng Paghahatid
1151 Punchbowl Street, Silid #123
Honolulu, HI 96813

Sa pamamagitan ng Koreo: Para humiling ng mga dokumento sa pamamagitan ng koreo, magsumite ng nakasulat na kahilingan na kinabibilangan ng: 1) Impormasyon sa kontak ng humihiling; 2) Ang Numero ng Dokumento (Aklat at Pahina) ng dokumento kasama ng anumang iba pang impormasyon tulad ng nagkaloob/napagkalooban/uri ng dokumento; 3) Tandaan kung gusto ninyong sertipikado ang dokumento ninyo; 4) Self-addressed na naselyohang sobre at 5) Pagbabayad – tseke na babayaran sa “Kawanihan ng Paghahatid” – \$35 ang halaga bawat dokumento + isang \$10 na bayad sa pagproseso. Kahilingan sa koreo sa:

Kawanihan ng Paghahatid
P.O. Box 2867
Honolulu, HI 96803

Para sa mga dokumentong nairekord mula 1992 hanggang kasalukuyan, pumunta sa <https://bocdataext.hi.wcicloud.com/login.aspx?ReturnUrl=%2f> at maghanap sa pamamagitan ng pangalan ng tagapagkaloob/napagkalooban O numero ng dokumento. Pwedeng ma-download ang mga kopya sa bayad na \$1 bawat pahina.

MGA DOKUMENTO/AYTEM MULA SA MGA INSTITUSYON SA PINANSYAL

Para mapalitan ang mga checkbook, passbook, mga susi ng ligtas na kahon ng deposito, o iba pang mga dokumento sa bangko, dapat direktang kontakin ang bangko. Magkakaiba ang mga pamamaraan sa bawat bangko. Tawagan ang pangkalahatang numero ng serbisyo sa customer para sa sangay ng bangko ninyo.

MGA HABILIN

Kung nawala ninyo ang orihinal na habilin ninyo (o iba pang instrumento ng testamentaryo o panaligan), pwedeng kailanganin magsagawa ng isang bago. Dapat muna ninyong suriin sa abogadong gumawa para matiyak na walang orihinal ang opisina ng abogado o pwedeng may kopya ang abogado sa testamento na naka-file. Dapat rin ninyong suriin

ang lahat ng mga ligtas na kahon ng deposito at kahang bakal o ligtas na pinagtataguang lugar para hanapin ang orihinal na habilin. Kung hindi ninyo mahanap ang orihinal, dapat kayong magsagawa ng bagong habilin (o iba pang instrumento sa testamentaryo o panaligan).

MGA CARD NG SEGURIDAD PANLIPUNAN (SOCIAL SECURITY)

Online: Pwede kayong makapag-apply para sa isang kapalit na card sa online. Kakailanganin ninyong sagutin ang ilang mga tanong dito: <https://www.ssa.gov/number-card/replace-card>.

Sa personal: Punan ang aplikasyon (<https://www.ssa.gov/forms/ss-5.pdf>) at pumunta sa iyong lokal na opisina na may hindi pa napapasong pagkakakilanlan. Dapat kayong magpakita ng isang dokumento na mapapatunayan ng pagkakakilanlan ninyo. Kung ipinanganak kayo sa labas ng U.S., dapat rin kayong magpakita ng mga dokumento para patunayan ang pagkamamamayan ninyo ng U.S. o kasalukuyang katayuan na, ayon sa batas, awtorisado ng trabaho. Dapat orihinal ang dokumentasyon o may pirma, selyo o nakataas na selyo mula sa ahensyang nagisyu.

Walang bayad para palitan ang Card ng Seguridad Panlipunan ninyo.

Mga Lokal na Opisina:

Oahu:

300 Ala Moana Blvd., Room 1-114
Honolulu, HI 96859

970 Manawai Street
Kapolei, HI 96707

Malaking Isla:

111 E. Puainako Street, Suite 710
Hilo, HI 96720

Kauai:

Watamull Plaza
4334 Rice Street, Suite 105
Lihue, HI 96766

Maui, Moloka'i, Lanai:

One Main Plaza
2200 Main Street, Suite 125
Wailuku, HI 96793

Administrasyon ng Seguridad Panlipunan: www.ssa.gov or 1-800-772-1213.

MGA CARD NG MEDICARE

Kung nawala, nanakaw, o nasira ang card ng Medicare ninyo, mag-log in sa(o lumikha) ligatas na Medicare account ninyo sa <https://www.medicare.gov/account/login>. Pwede kayong mag-print ng opisyal na kopya ng card ninyo mula sa online na Medicare account ninyo o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227 TTY 1-877-486-2048) para mag-order ng kapalit na card na ipapadala sa koreo.

Kung pansamantala o permanente ninyong babaguhin ang adres ninyo, bisitahin ang online na Seguridad Panlipunan na account ninyo sa <https://www.ssa.gov/myaccount/>. O, tumawag sa 1-800-772-1213 (TTY: 1-800-325-0778).

MGA DOKUMENTO NG SEGURO

Kung nawala ninyo ang mga dokumento o rekord ng seguro ninyo, pwede ninyong direktang kontakin ang ahente ninyo ng seguro para makakuha ng mga kopya. Dapat rin ninyong direktang kontakin ang kompanya ng seguro ninyo tungkol sa paggawa ng isang claim.